Sakit na Ebola

Sanhi ng sakit

Ang Ebola disease (EBOD; dating kilala bilang Ebola haemorrhagic fever) ay dulot ng impeksyon ng Ebola virus na kabilang sa pamilyang *Filoviridae*. Sa ilalim ng genus na *Orthoebolavirus* (*Ebolavirus*), may anim na uri na natukoy: Zaire, Bundibugyo, Sudan, Taï Forest, Reston, at Bombali. Ang pagkalat ng EBOD sa mga tao ay may karaniwang antas ng kamatayan na humigit-kumulang 50% (na nag-iba mula 25% hanggang 90% sa mga nakaraang pagputok ng sakit).

Unang lumitaw ang Ebola noong 1976 sa South Sudan at sa Democratic Republic of the Congo, at ang huli ay sa isang baryo na matatagpuan malapit sa Ilog Ebola, kung saan nakuha ang pangalan ng sakit. Mula noon, paulit-ulit itong lumalabas sa iba't ibang panahon. Ang mga kumpirmadong kaso ng Ebola ay naiulat pangunahin sa sub-Saharan Africa, kabilang ang mga bansang Democratic Republic of the Congo, Gabon, South Sudan, Côte d'Ivoire, Uganda, at Congo.

Ang pagputok ng Ebola sa West Africa mula Marso 2014 hanggang Enero 2016 ang pinakamalaking outbreak mula noong 1976 na pangunahing naapektuhan ang mga bansang Guinea, Liberia, at Sierra Leone. Matapos nito, sunod-sunod na outbreak ng Ebola sa iba't ibang antas ang naiulat sa Democratic Republic of the Congo mula 2017 hanggang 2022. Naiulat din ang isang Ebola outbreak sa Guinea noong 2021. Ang mga Ebola outbreak na dulot ng Sudan virus ay naiulat sa Uganda mula Setyembre 2022 hanggang Enero 2023, at naiulat mula Enero hanggang Abril 2025.

Mga klinikal na katangian

Ang EBOD ay isang malubha't matinding sakit na dulot ng virus karaniwang ipinapakita ng biglaang lagnat, matinding panghihina, pananakit ng kalamnan, sakit ng ulo, at pananakit ng lalamunan. Sinusundan ito ng pagsusuka, pagtatae, pantal, paghina ng bato at atay, at sa ilang mga kaso, parehong panloob at panlabas na pagdurugo.

Paraan ng Pagpapasa

Ang virus ay naipapasok sa populasyon ng tao sa pamamagitan ng malapit na kontak sa dugo, mga sekresyon, likido mula sa organo at iba pang bahagi ng katawan ng mga nahawaang hayop. Ang ilang fruit bats ay itinuturing na likas na pinagmumulan ng virus. Sa Africa, ang mga naitalang impeksyon ay mula sa paghawak sa mga nahawaang chimpanzee, gorilya, fruit bats, unggoy, forest antelope, at mga porcupine na natagpuan na may sakit o patay sa kagubatan.

Pagkatapos, kumakalat ito sa komunidad sa pamamagitan ng transmisyon mula tao-sa-tao, kung

saan ang impeksyon ay nagmumula sa direktang kontak (sa pamamagitan ng sugatang balat o mga mucus membranes) sa dugo, sekresyon, organo, o iba pang likido ng katawan ng mga nahawaang tao, at hindi direktang kontak sa mga kapaligiran na kontaminado ng mga likidong iyon.

Ang mga tao ay nakakahawa hangga't ang kanilang dugo at sekresyon ay naglalaman ng virus. Ang mga seremonya ng paglilibing kung saan ang mga nagdadalamhati ay may direktang kontak sa katawan ng yumaong tao ay maaari ring magkaroon ng papel sa pagkalat ng EBOD. Ang mga healthcare worker sa mga apektadong bansa ay madalas na nahahawa sa pamamagitan ng malapit na kontak sa mga pasyenteng may EBOD kapag hindi mahigpit na ipinapatupad ang mga hakbang sa kontrol ng impeksyon. Ang mga sample mula sa mga pasyente ay biohazardous at ang pagsusuri ay dapat isagawa sa ilalim ng tamang mga kondisyon ng biological containment. Bagamat bihira, iniulat ang sekswal na transmisyon ng EBOD.

Panahon bago lumabas ang mga sintomas

Ang panahon bago lumabas ang mga sintomas ng EBOD ay mula 2 hanggang 21 araw.

Pamamahala

Ang maagang suportadong pangangalaga na may rehydration at paggamot sa mga sintomas ay nakakatulong upang mapataas ang kaligtasan mula sa sakit. Dapat ipamahalaan ang mga pasyente sa mga isolation facility upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon. Ang mga malubhang may sakit na pasyente ay nangangailangan ng puspusan na suportadong pangangalaga. Karaniwang dehydrated ang mga pasyente at nangangailangan ng oral o intravenous na rehydration. Dalawang monoclonal antibodies (Inmazeb at Ebanga) ang na-aprobahan para sa paggamot ng Zaire virus infection sa mga matatanda at bata ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng Estados Unidos (FDA) noong huling bahagi ng 2020.

Pag-iwas

Sa kasalukuyan, walang rehistradong bakuna para sa EBOD sa Hong Kong. Isang epektibong bakuna (ang Ervebo vaccine) ay inaprubahan ng Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan para gamitin sa mga outbreak na dulot ng Zaire virus.

Dapat magsuot ang mga healthcare worker ng angkop na personal protective equipment (PPE) at magpatupad ng mahigpit na mga hakbang sa kontrol ng impeksyon kapag nag-aalaga sa mga posibleng pasyente.

Upang maiwasan ang impeksyon, mahalaga para sa mga naglalakbay na pumunta sa mga apektadong lugar na sundin ang mga sumusunod:

- Magsagawa ng madalas na kalinisan sa kamay, lalo na bago at pagkatapos hawakan ang bibig, ilong, o mata; bago kumain; pagkatapos gumamit ng banyo; pagkatapos hawakan ang mga pampublikong kagamitan tulad ng mga hawakan o hawakan ng pinto; o kapag ang mga kamay ay kontaminado ng likido mula sa bibig pagkatapos umubo o bumahing. Maghugas ng kamay gamit ang likidong sabon at tubig, at kuskusin ng hindi bababa sa 20 segundo. Pagkatapos, banlawan ng tubig at patuyuin gamit ang malinis na cotton towel o papel na tuwalya. Kung walang pasilidad para sa paghuhugas ng kamay, o kapag hindi nakikita ang dumi, ang pag-aalaga sa kalinisan ng kamay gamit ang 70 hanggang 80% na alcohol-based handrub ay isang mabisang alternatibo.
- Iwasan ang malapit na kontak sa mga taong may lagnat o may sakit, at iwasan ang kontak sa dugo at likido ng katawan ng mga pasyente, pati na rin ang mga bagay na kontaminado ng dugo o likido ng katawan ng mga pasyente.
- Iwasan ang kontak sa mga hayop.
- Lutuing mabuti ang pagkain bago kainin.
- Dapat agad humingi ng medikal na payo ang mga naglalakbay kung sila ay magkasakit sa loob ng 21 araw matapos bumalik mula sa mga apektadong lugar at ipaalam sa doktor ang kanilang kamakailang kasaysayan ng paglalakbay.

Para sa karagdagang impormasyon sa kalusugan, mangyaring Bisitahin ang Website ng Proteksyon ng Sentro para sa Kalusugan www.chp.gov.hk

Ang isinaling bersyon ay para sa sanggunian lamang. Sa kaso ng mga pagkakaiba sa pagitan ng isinalin na bersyon at Ingles na bersyon, Ingles na bersyon ang mananaig.

Translated version is for reference only. In case of discrepancies between translated version and English version, English version shall prevail.

28 Abril 2025 (28 April 2025)